AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## GAMES
## Activity 30

| Pambungad |
| --- |
| *Kumusta, kaibigan? Alam niyo ba na ang paggalaw ng katawan ay nakakabuti sa inyong mga utak? Lahat ng ating mga sakit dito at sakit doon ay mawawala! Ready na ba makipaglaro kasali ang ating buong pamilya?* |

| **Games - Activity 30** |
| --- |
| Title: Stop at Go! |
| Content Creator: Beena K. Uttam |
| Magandang buhay! Si Teacher Beena ito! 💁 Kamusta naman kayong lahat?<br><br>🏡Ang hirap ng nasa bahay lang! Mga nanay, alam niyo po ban a natural sa mga bata na hindi makaupo ng matagal sa isang lugar?<br>🤩Ang kanilang mga utak ay nabubuo at natututo tungkol sa mundo sa pamamagitan ng paggalaw, pakikipagusap, paglalaro, at sa madaming pisikal na laro.🏀🏓<br><br>🔅Ang mga galaw natin para sa araw na ito ay ay mga galaw ng hayop.<br>🔅Ang hayop na gagayahin natin ngayon ay isang hayop na maliit, itim, at mahilig kumain!<br><br>❓ Nahulaan ninyo ba kung ano ito? Daga!!! 🐀<br><br>🔅Isipin natin na tayo ay isang daga na tumatakbo sa loob ng isang maliit na gulong.<br><br>🔅Tatakbo tayo na parang daga sa ating lugar ng mabilis na mabilis! Pumili tayo ng isang miyembro sa pamilya na magsasabi ng:<br>🔴Stop! At |

🟢Go! Tignan natin kung makakasunod ba ang mga maliliit na daga sa ating paligid!

🔴🟡🟢3, 2, 1, GO!

🔅Pagkatapos tumakbo ng parang maliit na daga at tumawa, yakapin natin ang isa't- isa at magpasalamat na lahat tayo ay malakas at nakapaglaro kasama ng ating pamilya! 👪

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."